

## Sociology as the Reflexive Side of Culture

---

Randolf S. David

I started to write my thoughts for this occasion in English. The short abstract I gave the organizers described briefly what I wanted to do – and that is, to discuss what it may mean for us sociologists to see our discipline as the reflexive side of our culture.

From the outset, I realized how easy it is to elaborate on this theme using a borrowed language. A borrowed language like English gives us the necessary distance from the object of our reflection. The drawback is that the same language interferes with the effort to communicate with the culture we are observing. We have long been the alien observers of our culture, and we should have no wish to make this disability permanent. We must strive to make our second-order observations become constitutive elements of the first-order observations of our people. In the wake of the successive disasters that have hit our country, there is a growing clamor to bring scientific reflection into the stream of public discourse. This conference therefore could not have come at a more opportune time.

Hangad natin na magkaroon ng kongkretong epekto ang ating mga pag-aaral, pagsusuri, at pagninilay-nilay sa aktwal na takbo ng pang-araw-araw na buhay ng ating lipunan. Alam natin na mangyayari lamang ito kung masimulan natin ang dayalogo sa pagitan ng ating disiplina at ng ating kultura.

What does it take to do that? Ano ang kailangan nating gawin upang magsimula ang ganitong kombersasyon?

Una sa lahat, kailangan nating tuklasing muli ang taglay na kakayahan ng ating disiplina. Ang kakayahang ito ay hango sa anyo ng pagmamasid na sosyolohikal na sadyang kakaiba sa praktikal at karaniwan nating pananaw sa pang-araw-araw. Unang binigyang-pansin ni Emile Durkheim ang

pagkakaibang ito sa kanyang "The Rules of the Sociological Method." Ani Durkheim: "We think it is a fertile idea that social life must be explained, not by the conception of it created by those who participate in it, but by profound causes which escape awareness."<sup>1</sup> Kinilala ni Durkheim na utang niya kay Marx ang kaisipang ito. Magugunita ninyo marahil ang pambungad na pangungusap na ito mula sa Preface to a Contribution to the Critique of Political Economy: "In the social production of their life, men enter into definite relations that are indispensable and independent of their will."<sup>2</sup> Kung nais nating maunawaan ang anyo ng kanilang kamalayan, sabi ni Marx, ang mga batayang relasyong ito ang dapat suriin. Hindi natin maaaring hiram ang lohika ng umiiral na kamalayan ng isang lipunan upang ipaliwanag ang istruktura ng lipunang ito. Bagkus, ang kamalayan nito ang dapat ipaliwanag sa pamamagitan ng pagsusuri sa materyal na kalagayan ng lipunang pinagugatan nito.

Malalim ang kahulugan at mahaba ang pinagdaanan ng konsepto ng kamalayan o consciousness. Nananatili itong masalimuot, kung kaya't ang pag-aaral nito ay isa sa pinakamahirangang sangay ng sosyolohiya.

Sa kaniyang mga panulat, iminungkahi ng German sociologist na si Niklas Luhmann<sup>3</sup> na, sa halip na kamalayan, bakit hindi natin subukang gamitin ang konsepto ng pagmamasiid o observation. Sa ganitong paraan, aniya, baka maaari nating iwasan ang ilang mga problemang teoretikal na kaakibat ng salitang kamalayan. Nakita ko na may katwiran ang kaniyang mungkahi.

Maraming katumbas na salita sa ating wika ang konsepto ng "observation" at "observer." Nariyan ang "pagtanaw," "pagtingin," "pagmamatyag," "pagmamasiid" – na pawang hindi kailangang tumukoy sa estado ng kaisipan (mind) o kamalayan (consciousness). Indeed, the usual translation of "I think" is "sa aking paningin," which seems to suggest that we are more inclined to the visual than to the mental.

Simple ang depinisyon ni Luhmann ng konseptong obserbasyon. According to him, to observe is to make a distinction.<sup>4</sup> To observe is to make a cut in the world, and to indicate what that cut contains. For example, an observer from law defines what is a legal question – distinguishing it from a non-legal issue. The legal distinction operates using the binary code of the legal and the illegal.

Lahat tayo ay gumagamit ng mga ganitong paghihiwalay o pagbubukod ng mga bagay. Habang abala tayo sa pagmamasiid o pagbubukod ng mga bagay, tayo ay mga "first-order observers," sabi ni Luhmann. Subalit kapag

ang ating minamatyagan ay hindi mga simpleng bagay lamang kungdi ang mismong pagmamasid at pagbubukod na ginagawa ng ating kapwa, tayo ay nagiging “second-order observers.” Ang malaking bahagi ng sosyolohiya ay pagmamasid ng mga nagmamasid – the observation of observers.

Ano ang kagagawan nito sa kultura? Ang bawat kultura, sa aking paningin, ay maituturing na isang balangkas ng pagmamasid – a framework of observation, a way of seeing or perceiving, and therefore a framework for making distinctions. Kaakibat nito ang isang buong estilo ng pamumuhay.

Samakatwid, una ang buhay, susunod lamang ang paningin. Our way of living defines our way of seeing. In the words of the cognitive biologist, Humberto Maturana, from whom Luhmann borrowed some of his most important concepts, cognition is “not a process of representation of the world out there. Rather, it is the process of bringing forth of a world through the process of living itself.”<sup>5</sup>

As we live, so we create the world around us. Kultura ang produkto ng pamumuhay na ito, at kultura rin ang nagsisilbing gabay natin sa ating paglalakbay sa ating daigdig. Masalimuot ang ating daigdig. Wala tayong kakayahang pansinin ang lahat ng nilalaman nito. Sa pamamagitan ng kultura, nagiging simple ang pananaw natin sa reyalidad ng mundong ito. Subalit may kapalit ang ganitong simplipikasyon ng ating mundo. At ito ang paglaho mula sa ating paningin ng malaking bahagi ng reyalidad. We thus say that culture is a way of seeing, but it is also a way of being blind. Ang bawat kultura ay may blind spots. Blind spots ang tawag sa mga bagay na labas sa saklaw ng ating nakagisnang kultura. We often say that sociology is a study of social reality. But what is reality, asks Luhmann. He offers an interesting answer: “Reality is what one does not perceive when one perceives it.” Ang reyalidad ay yung hindi mo nakikita kapag ito’y iyong tinitingnan. Ito ang tungkulin ng ating disiplina: ang palitawin ang nakatagong reyalidad.

This does not mean that our way of seeing is necessarily superior. The question of adequacy or superiority is relative to the purposes that are to be served. We can say that sociology is a way of seeing differently. Mapapansin marahil na ito’y isa lamang paraan ng pagsasabi na ang pag-aaral ng ating kultura ay walang ipinagkaiba sa paglalarawan ng mga blind spots nito. Sinusuri natin kung ano ang pinahahalagahan ng ating kultura, kung ano ang ipinakikita nito, at kung ano ang ikinukubli nito. Kaagad, mapapansin marahil natin na ang ating kultura ay bulag sa mga isyu ng panlipunang katarungan,

o ng kahalagahan ng kapaligiran, o ng isang payapa at ligtas na kinabukasan, at marami pang iba.

The values that drive or inform social inquiry are many — social justice, gender equality, ecological rationality, economic prosperity, peace, social cohesion, technical efficiency, good governance, democracy, etc. It is difficult to arrange these into a scale of priorities, because there are no timeless and universal foundations which one may use as a secure basis for assigning relative worth. In the words of the philosopher Richard Rorty, the issue of purposes is not a philosophical but an “ethico-political” question<sup>6</sup> – meaning, it all depends on how a given community chooses to live.

And here I come to what I think is the crux of the problem of change in our society. May dalawa tayong problema: (1) Una, ang problema sa paningin: Alam nating may mga problema ang ating lipunan pero hindi natin matukoy kung ano ang mga ito. (2) At, pangalawa, ang problema sa pagkilos: Gusto nating kumilos pero hindi natin matiyak kung papaano at kung ano ang uunahin natin.

Sa pagsagot sa dalawang problemang ito, malaking tulong para sa akin ang *Sociological Imagination* ni C. Wright Mills<sup>7</sup> at, maniwala kayo o hindi, ang social systems theory ni Talcott Parsons. Alam kong kabisado na ninyo ito, pero hayaan ninyong ibahagi ko kung paano ko ito ginagamit sa pagpapaliwanag sa mga audiences na walang background sa sociology.

Ang bawat tao, sabi ni Mills, ay may nararanasang problema sa buhay. Karaniwan nang ituring ang mga problemang ito na sanhi ng mga pribadong kapansanan o kakulangan sa kakayahan o edukasyon o pagsisikap ng isang tao. Hinihimok tayo ng imahinasyong sosyolohikal, ayon kay Mills, na masdan ang mga personal na problemang ito sa konteksto ng umiiral na lipunan. Sa ganitong paraan, maaaring masilip natin ang mga panlipunang istrukturang kinapapalooban ng mga pribadong problema ng nakararami. The translation of private troubles of milieu into public issues of structure is the kind of “gestalt switch” that prompts decisive popular action. To begin to see our lives no longer as isolated individual cases but as aspects of the social structures that shape the life chances of a given population is the mark of the sociological imagination, says Mills.

But how does one portray social structures to the non-sociologist? It is natural to turn to Marx’s base and superstructure metaphor. But, as often, I turn to a re-reading of Parsons that I have found immensely useful in explaining what a sociologist looks for in the study of a society’s structure. I may perhaps

be accused of over-reading Parsons, but from his work on the social system,<sup>8</sup> I have drawn the following discussion which I use in telling people how and what a sociologist observes.

- Ang isang matagumpay at matatag na lipunan, ani Parsons, ay may ilang batayang katangian o sukatan: (1) Ang kaniyang ekonomiya ay tuluy-tuloy na lumilikha ng kayamanan. (2) Ang pulitika nito ay lumilikha ng kapangyarihan na maaaring gamitin sa pagkamit ng mga mithiin ng lipunan. (3) Ang pagpapatupad ng mga batas at sistema ng hustisya ay nagbubunga ng pagkakaisa at kapayapaan sa lipunan; at (4) Ang mga batayang institusyong tulad ng pamilya at paaralan na siyang humuhubog sa pagkatao ng mga miyembro ay lumilikha ng matatag na moralidad at identidad.
- Kung bigo naman ang isang lipunan, kabaligtaran ang maasahan: kahirapan, kahinaan, kaguluhan at walang-tigil na away, at demoralisasyon at kalituhan sa moralidad.

Kaagad, makikita rito kung ano ang maituturing na batayang problema ng ating lipunan sa kasalukuyan:

- *Economic*: Matinding kahirapan na sanhi ng kawalan ng kabuhayan at oportunidad para sa marami.
- *Governance*: Kawalan ng kakayahang magtakda ng mga kolektibong layunin o direksyon, o kawalan ng matibay na pamumuno sanhi ng kawalan ng tiwala sa mga namumuno, na bunga naman ng laganap na persepsyon ng katiwalian.
- *Law and justice*: Ang kawalan ng katarungan ay humahantong sa kawalan ng tiwala sa batas at hustisya, at walang-tigil na alitan, rebelyon at insurhensya.
- *Identity*: may krisis tayo sa moralidad (hindi na natin tiyak kung ano ang tama at hindi), at may krisis tayo sa ating pagka-Pilipino na lumilitaw bilang kawalan ng malasakit sa bayan.

Ang paghahanap ng mga lunas sa mga suliraning ito ay hindi maaaring ihihiwalay sa pag-unawa at pagsusuri ng mga sanhi ng mga problemang ito. Hindi umusbong ang mga problemang ito sa isang magdamag. Kaya wala ring magdamag na solusyon sa mga problemang ito. Hindi ito simpleng kwestyon lamang ng paghahanap ng mabubuting lider, o mga taong may malinis na kalooban. Higit na mahalaga ang pagtukoy sa mga ugat na patuloy na bumubuhay sa mga problemang ito. Kung masinop ang ating mga pag-aaral, tiyak na makikita natin na tayong lahat ay bahagi ng problema, na tayong lahat ay may partisipasyon sa pagpapalawig sa buhay ng isang kulturang hindi na angkop sa mga hamon ng isang nagbabagong panahon.

To be able to see our own selves as contributory to the problems of our society is to my mind what reflexivity is all about. Reflexivity is the capacity for self-observation, and, according to Luhmann, the mark of the modern man.

I do not mean to suggest that sociologists see better than anyone else in society, or that we have a privileged standpoint. No, every form of inquiry is a re-contextualization of things, or a way of looking at reality from a different context. To look at things sociologically, to me, is to observe the behavior of human beings in the context of the social structures that constrain the way they live. It is to understand the distinctions they employ and the choices they make in the course of their everyday lives.

I am aware that this in itself will not change the world, and we are nagged by Marx's oft-repeated line: "Philosophers have only interpreted the world in various ways; the point however is to change it."<sup>9</sup> I, too, am convinced that sociological enlightenment alone will not change the world. Those who operate in the realm of politics are undoubtedly in a better position to do that. And so it has sometimes been necessary for intellectuals to cross-over to a political terrain that requires an altogether different set of observational lenses.

But certainly we need not all become politicians in order to make a difference in the life of our society. We only need, as I said at the beginning, to methodically bring the findings of social inquiry into the stream of public discourse. Beyond that, we might still hope to change the world if we could pursue C. Wright Mills' dream to make the sociological imagination an integral feature of everyday popular thinking. I like to think that in my own little way, I have tried to do that through my newspaper column. Still, because it is written in English, I believe I have not been as effective in doing this as I was when I was hosting a public affairs talk show in Filipino.

Naniniwala ako na ang wika ay isang ring uri ng pagpili. Meron itong ipinakikita at meron itong ikinukubli. Mahalagang pagnilayan natin, kung ganon, kung ano'ng wika ang ating ginagamit at para sa ano'ng layunin.

Hanggang dito na lamang at maraming salamat.

## NOTES

- 1 Emile Durkheim, *The Rules of the Sociological Method*, New York: Free Press, 1982, Preface to the Second Edition, pp. 35-38
- 2 Karl Marx, Preface to a Contribution to the Critique of Political Economy, *Collected Works*
- 3 Niklas Luhmann, *Social Systems*
- 4 Niklas Luhmann, *Risk*, New Brunswick: Transaction Publishers, 2005, p. 223
- 5 Humberto Maturana, *Autopoiesis and Cognition*
- 6 Richard Rorty, *Objectivity, Relativism, and Truth*
- 7 C. Wright Mills, *The Sociological Imagination*. Penguin, 1959
- 8 Talcott Parsons and Neil Smelser, *Economy and Society*
- 9 Karl Marx, *Theses on Feuerbach*, *Collected Works*

## REFERENCES

Durkheim, Emile

1982 "Preface to the Second Edition." *The Rules of the Sociological Method*. New York: Free Press, pp. 35-38.

Luhmann, Niklas

2005 *Risk*. New Brunswick: Transaction Publishers, pp. 223

1995 *Social Systems*. California: Stanford University Press.

Marx, Karl

1845 "Theses on Feuerbach." In Karl Marx and Frederick Engels *Collected Works* vol 5. First English translation first published in *The German Ideology*. London: Laurence and Wishart, 1938, pp.3-5.

1987 "Preface to a Contribution to the Critique of Political Economy (1859)." In Karl Marx and Frederick Engels *Collected Works* vol. 29. London: Laurence and Wishart.

Maturana, Humberto

1980 *Autopoiesis and Cognition: The Realization of the Living*. Holland: D. Reidel Publishing Company.

Mills, C. Wright

1959 *The Sociological Imagination*. New York: Oxford University Press.

Rorty, Richard

1991 *Objectivity, Relativism, and Truth*. United Kingdom: Cambridge University Press.

Talcott Parsons and Neil Smelser

1984 *Economy and Society: A Study in the Integration of Economic and Social Theory*. London: Routledge and Kegan Paul.